

HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 7 Blg. 46

Marso 20-26, 2023

P10.00



(Larawan mula sa Presidential Communications Office)

MGA OPISYAL NG PAPI, NANUMPA KAY PBBM

p. 2



DOST empowers 3 island communities in Dagupan City thru S&T program---p.11



1 libong trabaho abroad para sa Caviteño at SM City Rosario
 Together with the Provincial Government of Cavite, the Department of Migrant Workers, the Philippine Army, the Philippine National Police, PESO of Cavite LGU, United Filipino Global and SM City Rosario, successfully held a job fair! With more than 20 companies offering careers to 3,000 applicants, these diverse job opportunities abroad will surely open doors to many Filipinos.



SM Marketmall and SM City Dasmariñas hold blood donation drive
 Philippine Red Cross, SM Foundation, SM Marketmall and SM City Dasmariñas recently held a blood donation drive. Shoppers, Tenant and SM employees participated in the event.



Employees of SM City Tanza participate in simultaneous fire drill by the Bureau of Fire protection Tanza Cavite in line with the celebration of Fire Prevention Month.

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL: 0977-7844136/ 0968-7122921

MGA OPISYAL NG PAPI, NANUMPA KAY PBBM

PERSONAL na nanumpa kay Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos, Jr. ang mgabagonghalalnaopisyal ng Publishers Association of the Philippines, Inc.

Ang oath-taking ay isinagawa sa Palasyo ng Malakanyang nitong Marso 14.

Pinangunahan ni Nelson Santos, bilang pangulo ng PAPI, kasama ang lahat ng opisyal ng asosasyon ang naturang panunumpa.

Sa nasabing okasyon ay nagsasalamat si PBBM sa isinusulong at pagbibigay ng proteksyon ng PAPI sa karapatan ng lahat sa pamamagitan ng tamang impormasyon at malayang pamamahayag.

Binigyang-diin naman ni Santos na buo ang suporta ng PAPI sa pinupursiging

papapalaganap ng makatotohanan at makabuluhang mga impormasyon para sa masa ng kasalukuyang administrasyon.

Matatandaang inihayag ng Chief Executive na hindi lamang pagkakaloob ng suporta sa halip ay ang pagbibigay ng proteksyon nito sa mga miyembro ng media.

Sinaksihan naman ni Johnny Dayang, chairman emeritus ng PAPI, ang nasabing oath-taking gayundin si Atty. Sarah Antolin, legal adviser ng PAPI.

Gayundin ang isa pang legal adviser ng PAPI na si Atty. Bodeck Fernando, ang consultant ng PAPI na si Dr. Lily Lim at iba pa. (R. Santos)

P19.9-B drugs, sinunog sa Cavite

MAHGIT sa P19 bilyon halaga ng hinhinalang droga ang sinunog sa Integrated Waste Management Inc. (IWMI) sa Brgy Aguado, Trece Martires City, Cavite Huwebes ng umaga.

Ang naturang mga droga ay kabilang sa iba't ibang drug evidence na nakumpiska mula sa mga drug operations na isinagawa ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) at kanilang mga counterparts na law enforcement at military units.

Sinira sa pamamagitan ng thermal decomposition, o thermolysis, ang isang proseso kung saan sinusunog ang mga ito na may 1,000 degrees centigrade na init nito.

Ang pagsira sa mga iba't ibang droga ay pagsunod sa ipinapatupad na panuntunan sa kustodiya at pagtatapon sa mga nakumpiskang mga droga na nakasaad sa Section 21, Article II of Republic Act 9165, o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, and Dangerous Drugs Board Regulation No. 1, Series of 2002. **GENE ADSUARA**

P5 PROJECT NUMBER 5

Alam mo ba na ang morphine, isang gamot na pinagbabawalsamaraming lugar, ay pinapayagang gamitin para sa mga taong may malubhang karamdaman? Ang gamot na ito ay isang painkiller na nirereseta para sa mga pasyenteng naaksidente, may cancer na kararanas ng matinding sakit sa katawan, at mga na-stroke o inatake sa puso. Ang paggamit ng morphine ay mahigpit na binabantayan upang maiwasan ang ibang epekto, katulad ng adiksyon.

Sa parehong paraan, may mga naglalayong maisabatas ang paggamit ng medical cannabis, o marijuana. Ayon sa kanila, panahon na para sa paggamitngmabenepisyo nito bilang panggamot sa mga karamdamang tulad ng cancer, depression, epilepsy, Parkinson's disease, at iba pa. Iba't ibang clinical trials ang nagpapatunay na ang maliit na sangkap ng halamang ito na nagdudulot ng "high effect" ay maaaring makontrol upang masigurado na ang kapakipakinabang lamang sa medisina ang magamit. Sa ngayon, mayroon nang ilang isinusulong na batas para sa paggamit ng medical marijuana na ipinasa mula sa senado at kongreso, sa opisina ni Senator Robinhood Padilla, Congressman Antonio "Tonypet" Albano, at Congressman Pantaleon Alvarez. Sa bersyon na ipinasa ni Congressman Alvarez, nakasaad ang pagtanggap sa marijuana sa mga ipinagbabawal na sangkap sa ilalim ng Dangerous Drugs and Substances under the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 (RA 9165), habang sa bersyon ni Congressman Albano, nakasaad ang medical use ng cannabis.

Ang Padilla Bill ay mas komprehensibo at nagsasaad ng importansa hindi lamang sa medical use ng cannabis, maging satamang implementasyon ng paggamit nito. May ilang tumutol pa rin na maisabatas ang mga nabanggit na bills, sa kadahilangan may kahinaan ang gobyerno ng Pilipinas sa

implementasyon ng mga batas. May pangamba na maabuso ang magandang hangarin ng batas na ito at ipakalat upang maggamit sa iba pang bagay. Ngunit, kung maging lamang ang magandang benepisyo nito kompara sa panganib at masigurado ang tamang paggamit, pagpapatunay lamang mas dapat bigyang-katwiran ang panukalang batas.

Upang maging bukas ang isipan ng publiko sa mga benepisyo ng marijuana, kailangan ng mga mahahalagang puntos na makapagpapaintindi sa tamang paggamit nito. Una, ang paggamit lamang ng marijuana para sa medisina ang dapat isulong at hindi ang paggamit nito bilang isang libangan. Pangalawa, ang pagpapatunay lamang ng cannabis ay sasaalalim sa mahigpit na regulasyon, na piling plantasyon lamang sa bansa ang papayagan. Pangatlo, ang implementasyon para sa maingat na paggamit upang maiwasan ang adiksyon.

Sa naging panayam mula sa isang segment ng AgriNegosyo kay Scientist/Inventor Richard Nixon Gomez ng Bauertek Corp. noong Pebrero 27, naibigay ang mga importanteng puntos para sa konsiderasyon patungkol sa pagsulong ng medical cannabis.

Kailangang bigyang-diin na ang pagsusulong ng paggamit ng cannabis ay para sa medisina at hindi sa iba pang bagay, lalo na bilang libangan. Kahit pa maisabatas na ang medical cannabis, magiging ilegal pa rin ang ibang paggamit nito, tulad ng paghitit nito. Hindi ang paggamit ng cannabis sa pang-araw-araw ang layuning maisulong, kundi para sa kapakanan ng mga taong dumaranas ng malubhang karamdaman, na nasa puntong halos ikamatay na ang sakit na nararamdaman.

Pinag-uusapan dito ang paggamit ng medical cannabis, kahalintulad kung paano gamitin ang iba pang kinukonsiderang dangerous drugs upang maibsan ang matinding sakit dulot ng kanilang karamdaman, na ayon sa kanilang pangangailangan.

Kaugnay sa posibilidad na maging laganap ang pagtatanim ng cannabis, katulad sa kanya-kanyang bakuran ay tinuturing na ilegal. Ang mga plantasyon lamang na lisensyado ng gobyerno ang maaaring magtanim at gumawa ng medical cannabis. Walang sinoman ang papayagang magkaroon ng personal na taniman, kahit pa ilang patubo lamang. Ang mahuhulang gagawa nito ay sasaalalim pa rin sa kasong possession of dangerous drugs and substances.

Ang pinakaimportante sa lahat, ang cannabis ay daraan sa masusing proseso. Ang THC o ang component ng cannabis na nagdudulot ng "high effect" ay kontrolado, babawasan, o tuluyang aalisin, habang ang CBD o ang component na nagdudulot ng "medical relief" ay gagawin bilang pills, tablet, oil, at iba pa.

Kahit pa ito ay nailbebenta na sa drugstore, ang pagbili ay hindi basta pwede sa kahit na sino. Ang medical cannabis, tulad ng morphine at iba pang dangerous drug ay maaari lamang ireseta nag lisensyadong doktor. Ang S2 license na doktor ay ang pinapayagan ng PDEA para sa pagkontrol at paggamit nito para sa mga pasyenteng lubhang nangangailangan ng painkillers; tulad ng mga naaksidente, stroke patient, at cancer patient na nakararanas ng matinding sakit. Isipin na lang kung gaano kahirap makakuha ng resita ng antibiotics mula sa doktor, paano pa kung mula sa S2 licensed doctor?

Kaugnayan sa tamang paggamit at pagbili, ang pasyente ay magkakaroon ng QR code bilang katibayan na sila lamang ang pinapayagang bumili ng mga produkto o gamot na gawa sa cannabis sa mga botika o drugstore. Ang code na ito ay daraan sa database ng PDEA, at malalaman din kung sinong S2 license na doktor ang nagreseta ng gamot.

Sa mga susunod pang artikulo, pag-uusapan ang ilan pang mahahalagang bagay patungkol sa tamang paggamit ng cannabis. Maging buksan ang ating isipan sa marami pang posibilidad at benepisyo ng medical cannabis, na noong sinaunang panahon

Karagdagang P1K na SSS pension, pag-aaralan ng ahensiya

BAGUIO CITY (PIA) -- Tiniyak ng pamunuan ng Social Security System (SSS) na pag-aaralan nila ang posiblengpagdaragdag ng P1,000 na pension ng mga pensioners.

"Pag-aaralan namin nang maayos 'yan para matugunan natin 'yan. Hindi 'yan basta-basta," git na SSS President and Chief Executive Officer (CEO) Rolando Macasaet sa ginanap na press briefing nitong Huwebes (March 16).

Binigyang-diin nito na malaki ang financial impact sa SSS ng P1,000 pension increase. Sinabi nito na kung sa tingin ng mga tao ay maliit na bagay lamang ang P1,000, para sa SSS ay malaking bagay ito. Sakaling ipatupad ang P1K pension increase ay kinakailangan aniya ang halos P40 billion na pondo sa isang taon upang matugunan ang pensyon ng mga pensioners.

"There are around 3.3 million pensioners. Ang 1,000 pesos each, that's 3.3 billion pesos a month, that is roughly times 12 (months), almost 40 billion pesos a year," paliwanag ni Macasaet.

Ayon naman kay SSS VP for Benefits Administration Division Joy Villacorta, binabalanse nila ang lahat ng aspeto upang masiguro ang tuloy-tuloy na pagbibigay nila ng serbisyo.

While we want to continue to be relevant at maging adequate ang mga benefits, binabalance ho natin 'yan sa sustainability ng pondo, aniya.

Dagdag pa nito, nakasaad sa batas na kailangang may garantiya ng pondo ang anumang pagtataas ng pensyon.

Sinabi ni Villacorta na may auctorial group na sila na nagsasagawa ng evaluation kung kakayinan ng pondo ng SSS na ibigay ang karagdagang P1,000 pension. (DEG-PiA CAR)

ay ginagamit nang paggamot sa iba't ibang sakit at karamdaman.

Lolo, dedo sa motorsiklo

BINAWIAN ng buhay ang 71-anyos na lolo na nagtutulak ng kariton makaraang nabangga ng motorsiklo sa Kawit, Cavite Lunes ng madaling araw.

Hininalang dahil sa katandaan kaya hindi na kinaya ang tinamong sugat sa katawan at idineklarang dead on arrival sa Kawit Kalayaan Hospital ang biktima si Marino Condaloy Arminal, ng 2114 Realica st. Brgy. Kanluran, Binakayan, Kawit.

Kinilala naman ang driver ng Honda Wave 110 na si Kobee Monzon y David, 24; habang ang backride ay si John Brix Papa y Muega, 25, na kapwa nagtamo rin ng mga sugat sa katawan.

Minamanehon Monzonang motorsiklo sa kahabaan ng Binakayan Road Brgy Tramo Bantayan, Kawit, patungo sa direksyon ng Bacoor northbound.

Nabangga nito ang biktima na nagtutulak ng kariton patungo rin sa nasabing direksyon.

Naganap ang insidente dakong alas-3:30 ng madaling araw.

Isinugod sa Kalayaan Hospital ang biktima subalit idineklarang dead on arrival habang sa Binakayan Hospital naman ang dalawang rider na parehong nilalapatan ng lunas dahil sa tinamong sugat sa katawan. **GENE ADSUARA**

Supermarket, nilooban

ISANG kilalang supermarket hinoldap ng dalawang lalaki sa Bacoor City, Cavite Lunes ng hapon.

Naaresto naman ang isa sa dalawang suspek na nakilalang si Alex Manuquil y Ali, nasa wastong edad, habang pinaghahanap pa ng awtoridad ang kasama nito.

Sa ulat ni PSSgt Edilberto Reyes Jr., ng Bacoor City Police, dakong ala-1:41 ng hapon ay pumasok ang dalawang suspek sa Puregold, Magdiwang branch sa Brgy. San Nicolas 3, Bacoor City, at nagpanggap na mga

customer.

Ilang sandali pa ay naglabas ng baril ang mga suspek na nagdeklara ng holdap at tinangay ang 'di pa nabatid na cash mula sa cashier.

Mataposang panghoholdap ay tumakas ang mga suspek at sumakay sa get away na motorsiklo at pinaharuot papalayo.

Sa isinagawang hot pursuit operation ng awtoridad ay naaresto si Manuquil at nakuha sa kanyang pag-iingat ang motorsiklo na ginamit na get away vehicle, isang revolver na baril at isang granada. **GENE ADSUARA**

2 nalagutan ng hininga, 1 sugatan sa aksidente

NASAMATAY ang dalawang rider habang sugatan ang backride ng isa sa insidente ng motorsiklo sa Naic, Cavite.

Kinilala ang mga namatay na sina Jericho Renzo Benzon y Tumlos, Filipino, 24, ng Blk 10 Lot 33 Maliki Pasong Kawayan Gen. Trias City; at Fernando Tandas y Cacayuran, 42, ng Brgy., Santulan, Naic, habang ang sugatan ay si Billy Joe Ojas, 19, ng Blk 25 Lot 24 Maliki, Gen. Trias City, na nakaangkas sa motorsiklo ni Benzon. Sa ulat, dakong alas-12:58 ng hatinggabi naganap ang insidente sa kahabaan ng Governors Drive, Brgy Sabang Naic.

ang itim na motorsiklong Yamaha NMax at angkas nito si Ojas habang itim na Yamaha N-Max din ang minamanehong motorsiklo ni Tandas.

Madilim at walang street light sa pinangyarihan ng insidente, walang Closed Circuit television (CCTV) sa lugar at wala ring nakasaksi kung paano naganap ang insidente.

Inabutang na lamang ng mga kagawad ng MDRRMC ang mga biktima sa pinangyarihan ng insidente na duguan at wala ng buhay ang dalawa sa kanila habang si Ojas ay nagtamo ng mga sugat sa katawan kaya agad na isinugod sa ospital. **GENE ADSUARA**

The Godfather

Paulo Flores
09451470533
09287181677
09087869697



Patuloy ang Pagbabago, Tuloy ang Ikot ng Mundo

PATULOY ang mga programa ng lehitimong gobyernong Republikang Pilipinas para mahikayat ang ilang grupo at indibidwal na magbalik loob sa pamahalaan. Kamakailan lamang apat na miyembro ng Alliance of Filipino Workers (AFW), isang sectoral group ng Communist Terrorist Group (CTG) ang sumuko na sa gobyerno kasunod ng kanilang pagtalikod at pagbawi ng kanilang suporta sa Communist Party of the Philippines – New People's Army – National Democratic Front (CPP – NPA – NDF). Sa isang simpleng seremonya na ginanap sa 9th Avenue corner 40th Street, Bonifacio Global City, Taguig City ay nagsagawa din ng kanilang Oath of Allegiance to the Philippine Government ang nasabing apat na miyembro ng AFW. Isa na naman accomplishment ito ng National Capital Region Police Office (NCRPO) sa ilalim ng pamumuno ni PMGEN EDGARALAN OOKUBO at sa bagong Chief, PIO, NCRPO PLTCOL LUISITO C ANDAYA, JR.

At binabati ko din ang mga nagdiwang ng kani-kanilang mga birthdays tulad nina PCAPT JOHANNA LAVARIAS ang PIO, QCPD; PCAPT MHARCY PINO ang Community Affairs Development Division / PIO ng Caloocan City Police Station at si PCpl Ruby Cayabyab ng DRDO, NCRPO.

Editoryal

Seryosong pagpapatupad

ANG ikatatagumpay ng pagsasakatuparan ng motorcycle lanes sa kahabaan ng Commonwealth Avenue sa Quezon City ang maaaring magiging susi upang ito ay gagawin na rin sa iba pang pangunahing kalsada sa Kalakhang Maynila.

Nakikitaan ng posibilidad dahil sa nagtagtaglay na disciplina hindi lamang sa panig ng mga rider kundi maging sa iba pang tsuper.

Ang nasabing lane ay ekslusibo lamang para sa mga motorsiklo at may kaukulang multa sa lalabag.

Senayales na bunsod ng multang halagang P500 sa paglabag ay ang ikatatagumpay nito.

Maganda ang layunin para sa mga rider at may kaakibat ding benepisyo sa lahat ng driver sa pribado o pampubliko man.

Iyanay mangyayarisa pamamagitan ng seryosong pagpapatupad ng mga kinauukulan kaagapay ng disciplina sa lahat ng nagmamaneho.

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



ROMEO S. SANTOS

Publisher/Editor-in-Chief

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite Contact#: 0977-7844136/09687122927

<https://hanepnewspaper.com>
Email: ronejed@yahoo.com/
haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.



Sentro ng Wika at Kultura (SWK) at KWF, Magkatuwang sa mga Proyektong Pangwika at Pangkultura

Magkatuwang ang Sentro ng Wika at Kultura (SWK) at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa mga proyektong pangwika at pangkultura kabilang ang mga saliksik hinggil sa pambansang wika, katutubong wika, at pangkulturang saliksik para sa madla na gumagamit nito.

Inilatag ng mga direktor ng SWK ang mga proyektong pangwika kabilang ang mga tertuya, webinar, workshop, at saliksik sa katatapos at matagumpay na pagpaplanu para sa taóng 2023 na ginanap mula 8–10 Marso sa City State Asturias Hotel, Puerto Princesa, Palawan. Pinangunahan naman ni Tagapangulong Arthur P. Casanova ang panunumpa ng bagong pamunuan ng SWK na sinaksihan nina Kom. Carmelita C. Abdurahman at Direktor Heneral Atty. Marites B. Taran. Nahalalal si Dr. Alvin De Mesa, pangulo; Dr. Rodello Pepito, Pangalawang

Pangulo; Prop. Ryan Rodriguez, kahilim; Dr. Lourdes Quijano, Ingat-yaman; Dr. Felisa Marbella, ang awditor; Dr. Romeo Espedion Jr., Tagapagbalita. Naitalaga naman bilang kinatawan ng Luzon si Dr. Mary Ann Macaranas, Visayas naman si Dr. Lita Bacalla, at sa Mindanao ay si Dr. Radji Macatabon. Ang SWK ay patuloy na lalahok at mangunguna sa pagsusulong ng mga katangiang pangkultura ng pook (bayan, lalawigan, o rehiyon) na kinalalagyan nito. Naniniwala ang SWK at KWF na ang wika ay imbakan ng karunungan at karanasan ng lipunan na dapat pinahahalagahan ng bawat Pilipino. Ang matagumpay na pagpaplanu ay naisagawa sa pangunguna nina Dr. Jose Evie G. Duclay at Gng. Minda Blanca L. Limbo na patuloy ang pagbibigay suporta sa mga direktor ng SWK sa buong bansa.

Honorary Consulate of Poland, kauna-unahang konsulado sa Palawan

PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA) -- Pormal nang binuksan ang kauna-unahang konsulado na naitatag sa Lungsod ng Puerto Princesa at Lalawigan ng Palawan nitong Marso 14, 2023. Ito ay ang Honorary Consulate of Poland na matatagpuan sa 2nd Floor ng True Care Building sa Solid Road, Bgy. San Manuel.

Mismong si Chargé D' Affaires Ad Interim Mr. Jarosław Szczepankiewicz kasama ang kanyang maybahay at delegasyon nito ang nanguna sa pagbubukas ng nasabing tanggapan.

Kasabay nito ay ang pormal ding pagkakatalaga kay Mr. Juan Andre Lacson bilang Honorary Consul ng nasabing konsulado.

Ayon kay Honorary Consul Lacson, ang presensiya ng konsulado

sa Puerto Princesa at Palawan ay hindi lamang upang maprotektahan ang Polish Community at mga bisita sa rehiyon kundi ito ay testament ng pagkakaibigan, mutual commitment at progreso. Sa datos ng Provincial Tourism Promotion and Development Office ng Pamahalaang Panlalawigan ng Palawan, nasa 6,463 mamamayan ng bansang Poland ang bumisita sa lalawigan ng Palawan noong 2019 kung saan pinakamarami sa mga ito ang tumundo sa Puerto Princesa.

Ayon kay Provincial Tourism Officer Maribel Buñi, natigil ang pagbisita ng mga mamamayan ng Poland sa Palawan noong taong 2020 at 2021 dahil sa pandemya. Ngunit nitong 2022 ay nakapagtala muli ng nasa 1,060 na mga dayuhan mula sa Poland

DICT, nagkalooob ng internet connection sa Incident Command Post ng Oriental Mindoro

LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA)

-- Upang maagap na makapag-update ng pinakabagong detalye hinggil sa estado ng pagkalat ng oil spill sa mga apektadong mga bayan sa lalawigan ng Oriental Mindoro, nagkalooob ang Department of Information and Communication Technology (DICT) MIMAROPA sa pamamagitan ng DICT Oriental Mindoro Field Office ng internet connection sa Incident Command Post (ICP) na matatagpuan sa lumang Municipal Health Office ng Pola, Oriental Mindoro. Sa pamamagitan nito ay

mabilis na makatatanggap at makapaglabas ng impormasyon ang mga kawani na naka istasyon sa ICP sa mga punong ehekutibo at iba't-ibang mga pinuno ng mga ahensiya upang makapagsagawa nang naaayon at napapanahon na desisyon sa paglaban sa banta ng oil spill.

Pasasalamat naman ang ipinaabot ng mga kawani ng Oriental Mindoro Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) sa naging tulong ng DICT sa pagtatayo ng maaasahang koneksyon sa ICP. (JJGS/ PIA MIMAROPA)

Bulacan Farmers/Fisherfolks Training Center kinilala

LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)

-- Kinilala ang pamahalaang panlalawigan dahil sa Bulacan Farmers/Fisherfolks Training Center nito. Nasungkitng Kapitolyo ang Gintong Tropeo sa 2022 Outstanding LGU Project – Public Infrastructure Category sa kakatapos na Fédération Internationale des Administrateurs de Bien-Conseils Immobiliers o FIABCI Philippines Property and Real Estate Excellence Awards.

Ayon kay Provincial Engineer's Office Head Glenn Reyes, ang Bulacan Farmers/Fisherfolks Training Center ay dalawang palapag na gusali na mayroong minimalist at modernong approach na disenyo. Ginamitanang 15.5milyong pisong imprastruktura ng mga aluminum cladding at glass curtain walls upang pumasok ang natural na liwanag

na magpapabawas sa konsumo ng elektrisidad. Ang akwal na training center ay nasa unang palapag habang sa ikalawang palapag ang bagong tanggapan ng Provincial Agriculture Office.

Sa isang pahayag, sinabi ni Gobernador Daniel Fernando na bahagi ng kanyang People's Agenda 10 na tiyakin na maisasaktuparan ang lahat

Inklusibong kampanya kontra iligal na droga, tampok sa BIDA Fun Run sa Laguna

SANTA ROSA CITY, Laguna (PIA)

-- Mahigit 10,000 katao mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyoerno at mga organisasyon ang nakilahok sa BIDA (Buhay ay Ingatan, Droga ay Ayawan) Fun Run na inorganisa ng Department of the Interior and Local Government (DILG) Region IV-A at pamahalaang lungsod ng Santa Rosa, noong Linggo, Marso 12. Ang BIDA Fun Run ay bahagi ng kampanya ng DILG na himukin ang mga Pilipino na talikuran ang paggamit ng iligal na droga at bigyang prayoridad ang maayos na pangangatawan.

Pinangunahan ni DILG Secretary Benhur Abalos ang aktibidad na dinaluhan naman ni Santa Rosa City Mayor Arlene Arcillas, DILG

IV-A Regional Director Ariel Iglesia, Police Regional Office (PRO) Calabarzon Director, PBGen. Melencio Nartatez, Laguna Provincial Administrator Dulce Rebanal, at ilan pang mga alkalde mula sa Laguna, Batangas, at Quezon. Kabilang sa mga lumahok sa kampanya ang mga kawani ng DILG Region 4A, PRO Calabarzon, Bureau of Fire Protection (BFP), Philippine Public Safety College (PPSC), Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) at iba pang ahensiya.

Dinaluhan rin ito ng mga civic groups tulad ng mga samahan ng kabataan, kababaihan, mga guro, at iba pang sector na nagpaabot ng kanilang buong suporta sa layunin ng pamahalaan na maging 'drug free' ang mga komunidad.

Itinanghal na kampeon sa 3K Male Category si Ginoong Mendioro na nakumpleto ang 3 kilometrong track sa loob ng 10 minuto at 35 segundo, at sinundan nina Jackson Chirchir (11:09) at Eric John Briones (12:37).

Itinanghal naman na kampeon sa 3K Female Category si Jovelyn Cantos na kinumpleto ang nasabing track sa loob ng 17 minuto at 20 segundo, at sinundan nina Shiera Veedelicanno (20:26), at Marilyn Villagracia (20:29). Binuksan din para sa lahat ang BIDA Fun Run bilang bahagi ng inklusibong kampanya ng DILG laban sa ipinagbabawal na gamot.

Kabilang sa mga lumahok sa BIDA Fun Run ng tatlong taong gulang na si Jeff Nathan Macasib, habang ang 71-taong gulang na si Anastacia Berroya naman ang pinakamatandang runner.

Matapos ang BIDA Fun Run ay nilibot rin ni Abalos ang Santa Rosa City Drug Rehabilitation Center, na siyang pinakaunang drug rehabilitation center sa bansa na ipinagawa ng isang lokal na pamahalaan.

Ditoniyanibinigyangpagkilala ang mga inisyatibo ng pamahalaang lungsod sa kanilang kampanya laban sa iligal na droga. (PB)

BFAR Mimaropa at Romblon Prov'l Gov't, nagpulong sa pagsasaayos ng Marine Research and Breeding Center

ROMBLON, Romblon (PIA)

-- Nakipagpulong kay Romblon Governor Jose Riano nitong Martes si Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Mimaropa Regional Director Emmanuel Asis upang pag-usapan ang mga kasalukuyang programa ng kanilang ahensiya sa lalawigan ng Romblon.

Napag-usapan sa pagpupulong ang pagkakaroon ng Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng BFAR at ng Pamahalaang Panlalawigan kaugnay sa operasyon ng Marine Research and Breeding Center (MRBC) sa Barangay Canduyong sa bayan ng Odiongan. Ayon sa BFAR, ang

kanilang ahensiya ang mangunguna sa operasyon at management ng MRBC habang ang Pamahalaang Panlalawigan ang magpapanatili ng kaayusan ng gusali at lugar. Sa ngayon, ang MRBC ay mayroong mga alagang mga bangus at tilapia. Mahalaga ang MRBC sa lalawigan dahil dumarami na ngayon ang naglalagak ng puuhunan sa pangisdaang negosyo sa probinsya lalo na sa mga bayan na maraming fish cages na ibinigay ang ahensiya ng BFAR.

Kasama ni Asis ang ilang kawani ng BFAR Mimaropa at mga kawani ng BFAR Romblon sa pangunguna ni Provincial Director Louie Manes. (PJF/PIA MIMAROPA)

MATANDANG BINATA, KALABOSO SA PANG-AABUSO NG DALAGITA

ARESTADO ang 62-anyos na matandang binata matapos umanong abusuhin ang Grade 7 na estudyanteng babae sa bahay ng huli sa Imus City, Cavite Martes ng umaga. Nakakulong sa Custodial Center ng Gen Trias City Police ang suspek na si Condet Almanor y Oquendo, binata, security guard, at residente ng Nato Compound, Pasong Buaya, Imus City, dahil sa reklamo ng 13-anyos na dalagita. Sa salaysay ng biktima kay PSMS Aileen Abunda, ng Imus City Police, nagising siya sa pagkakatulog dakong alas-8:00 ng

umaga dahil pumasok ang suspek sa loob ng kanilang bahay at tinanong kung sino ang kanyang kasama sa bahay. Nang sinagot na "ako lang po" agad na nilapitan siya ng suspek, hinalikan at gumapang ang kamay nito sa ari ng biktima. Tinangkang sumigaw ang biktima subalit tinakpan ang bibig nito at pagkatapos ng panghahalay ay lumabas ang suspek na tila walang nangyari. Nagsumpong ang biktima sa magulang nito na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek. **GENE ADSUARA**

Tigbak sa sablay na overtake

PATAY ang isang rider na bumangga sa nakaparadang jeepney matapos sumablay sa pag-overtake sa Gen Trias City, Cavite Lunes ng madaling araw. Isinugod pa sa Gen Trias Medicare Hospital ang biktima si John Ramel Abayon Gaspar, ng 62 Don Carlos Revilla St. Pasay City subalit idineklarang dead on arrival. Minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiklong Suzuki Raider 150 dakong

alas-2:30 ng madaling araw sa kahabaan ng Gov. Ferrer Drive sakop ng Brgy Pasong Kawayan 1, Gen Trias City. Tinangka umano nitong mag-overtake sa shoulder lane sa isang sasakyang subalit nawalan ng kontrol sa manibela at tumama sa nakaparadang jeepney. Tinangka pang isalba ang buhay ng mga sumaklolo subalit binawian na ito ng buhay bago pa man dumating sa ospital. **GENE ADSUARA**

2 'nadale' sa aksidente

PATAY ang 61-anyos na lola at isang rider sa naitalang aksidente sa magkahiwalay na lugar sa Silang, Cavite Miyerkules ng madaling araw. Namatay habang ginagamot sa Perpetual Medical Center sa Biñan City ang biktimang si Ma. Fe Franco y Bornes, 61, vendor, ng Brgy. Pulido Extension, GMA, Cavite; habang dead on arrival sa Estrella Hospital si Fidel Benosa, 46, ng Mendez. Sa ulat, minamaneho ni Marlon Angeles Pucio, 28, ng Gate 1, Multinational, Riverside Santo Nino, Paranaque City ang kanyang Isuzu Rebuilt na may lifter Aluminum Wing Van at may plakang CAT 4944 sa kahabaan ng Governor's Drive, Brgy. Bulihan, Silang. Pagsapit sa intersection ay pinatigil siya ng traffic enforcer dakong alas-4:30

ng hapon. Sa mulung pag-anda ng sasakyang ay dito niya nasabitang matanda na natatayo sa pedestrian. Minamaneho naman ni Benosa ang kanyang motorsiklong Yamaha Mio habang isang Isuzu Giga dump truck namang minamaneho ni Jerel Trinidad De Leon, 31, ng Sta Maria, Bulacan sa kahabaan ng Aguinaldo Highway galing north patungong South direction (Tagaytay City) dakong alas-2:10 Miyerkules ng madaling araw subalit biglang nag-signal ng red light kaya tumigil si Benosa. Nakabuntot naman ang minamanehong dump truck ni De Leon na hindi kaagad nakatigil dahilan upang mabangga ang rider na nagresulta sa kamatayan nito. **GENE ADSUARA**

2 babae, patay sa pamamaril

DALAWANG babae ang napatay ng mga hindi nakilalang salarin kamakailan sa magkahiwalay na bayan sa lalawigan ng Quezon. Ang mga biktima ay nakilalang sina Elena Medalla, 62, ng Sitio Tiwiwi, Barangay San Diego, Buenavista; at Angelina Limen, 46, ng Sitio Sineguelasan Barangay Janagdong, Sariaya. Nabatid na si Medalla kasama ang ilan kaanak ay kasalukuyang nasa balkonahe at masayang nag-iinuman.

Bigla ay nakarinig sila ng putok ng baril na umano'y nagsimula sa likurang bahagi ng bahay. Nagtamo ng tama ng bala ng baril sa likuran na umano'y tumagos sa dibdib kaya hindi na umabot pa ng buhay ang biktima na naisugod sa pagamutan. Isang 12 gauge shotgun ang sinasabing ginamit sa pamamaril ng suspek. Samantala, si Limen naman

kasama ang kinakasama nitong si Wilfredo Fajarda Estable ay naalimpungan sa pagkakatulog. Nagising umano ang dalawa bunsod ng likhang ingay mula sa kusina at dala na rin sa pagtahol ng mga aso. Tumayo si Limen upang matukoy ang nasabing ingay kasunod ay biglang nakarinig ng putok ng baril ang live in partner nito. Tumambad kay Estable ang nakahandusay na si Limen na sinasabing nabaril sa leeg at nagpapasaklolo. Naisugod sa ospital si Limen gayunman ay idineklarang dead on arrival.

Pinaniniwalaang kalibre 45 ang ginamit sa pamamaril ng salarin.

Nagsagawa ang mga awtoridad ng imbestigasyon upang matukoy ang mga suspek sa pamamaril at pagkamatay ng dalawang biktima. **(MARCK BADION)**

MT Princess Empress, naglayag kahit walang Certificate of Public Convenience

LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA) -- Napag-alaman sa isinagawang hearing ng Senate Committee on Environment, Natural Resources and Climate Change na ang lumubog na MT Princess Empress ay walang kaukulangang Certificate of Public Convenience (CPC) na iniisyu ng Maritime Industry Authority (MARINA).

Bukod dito, ay nakaligtaan na beripikahan ng Philippine Coast Guard (PCG) ng pagkakaroon ng naturang sertipiko na isa sa mga pangunahing dokumentong kinakailangan bago bumiyaha ang anumang uri ng sasakyang pandagat. Dagdag naman ni Maritime Industry Authority (MARINA) Administrator Atty. Hernani Fabia, wala ring kaukulang permit to operate ang naturang barko kung kaya't hindi dapat ito pinapahintulutan bumiyaha. Sa kabuoan ay nakapagbiyahe na ang MT Princess Empress ng siyam (9) na beses; bagay na kinuwestyon ng mga senador sa pamunuan ng naturang oil tanker dahil sa kakulangan ng mga

permiso ng paglalayag. Bukod naman sa kakulangan ng CPC, napag-alaman din na mayroon pang kakulangan na pitong (7) dokumento o sertipiko na kinakailangan bago maglayag ang MT Princess Empress sa isinagawang pagtatangon ni Senator Chiz Escudero sa may ari ng oil tanker.

Samantala, naglabas naman ng hinaing si Oriental Mindoro Governor Humerito 'Bonz' Dolor sa kakulangan ng komprehensibo at malinaw na plano hinggil sa nangyaring incidente. Ani ng gobernador' k i n a k a i l a n g a n g mayroon namumuno sa pangkalahatang operasyon patungkol sa oil spill, dahil aniya, ito ay isang multi-faceted na pangyayari. Ito naman ay sinegundahan ni Senator Loren Legarda.

Inaabahan naman na sa mga susunod pang mga araw ay magkakaroon na ng kalinawan kung sino ang mamumuno sa operasyon kontra oil spill sa Oriental Mindoro at upang maagapan na rin ang paglawak ng pinsala nito sa kalikasan at kabuhayan ng

2 'tulak' bagsak sa buy bust

BUMAGSAK sa mga awtoridad ang dalawang umano'y tulak sa magkahiwalay na bust operation na isinagawa ng kapulisan sa Bacolod City kamakailan. Kinilala ang dalawang suspek na sina Mark Salmingo, 26, ng Rizal Extension, Purok Star Apple, Barangay 27; at Ian Alindog, alyas Patto, 37, ng Grandville 2 Subdivision, Barangay Mansilingan. Sa ikinasang operasyon laban kay Salmingo ay nakuha sa kanyang pag-iingat ang 12 medium at 45 small sachets ng

hinihinalang shabu na nasa 150 gramo at tinatayang nagkakahalaga ng P1.02 million.

Samantala, Si Alindog na itinuturing na high-value individual ay nakuhanan ng umano'y 52 gramo ng shabu sa kanyang bag at nasa halagang P353,600. Kumpiskado rin sa kanya ang itim itim na coin purse, disposable lighters at mga drug parahernalias.

Ang dalawang suspek ay naharap sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. **RUBEN LACSA**

Kelot, todas sa kapitbahay

NAMATAY ang isang lalaki makaraang pagsasaksikan ng kanyang kapitbahay dahil nakapagbitaw umano ng hindi magandang salita ang asawa ng biktima sa suspek sa Gen Trias City, Cavite Martes ng gabi. Isinugod pa sa General Trias Hospital ang biktima na si Vergel Ariate Cadiz Jr., nasa wastong edad, ng B5 L29 Phase 4 Tierra Nevada, Brgy San Francisco, Gen. Trias City, dahil sa saksak sa leeg. Ginamot naman sa Gentri Medical Center and Hospital ang suspek na si Margesar Hernandez Y Lagmay, 27, ng B1 L 24 Ph-4 Tierra Nevada Brgy San Francisco, Gen. Trias City, dahil sa tama ng bala

mga mamamayan sa mga karatig na mga lalawigan at rehiyon. **(JJGS)**

sa kanyang hita matapos barilin ng awtoridad sa tangkang paglaban.

Sa ulat ni Corporal Jhocel Dayumat, ng Gen Trias City Police, bago naganap ang insidente ay nagbitiw umano ng hindi magandang salita ang asawa ng biktima sa suspek.

Dito nagsimula ang komprontasyon sa pagitan ng biktima at suspek na nauwi sa mainitang pagtatalo dakong alas-9:45 ng gabi sa Phase 4 Gate 2 Tierra Nevada, Brgy San Francisco.

Kumuha ng kutsilyo ang suspek at pinagsasaksak sa leeg at lalamunan ang biktima na nagresulta sa kamatayan nito.

Tinangka namang tumakas ang suspek sa mga awtoridad subalit nakorner at tinangkang manlaban kaya binaril siya sa hita. **GENE ADSUARA**

Ambulansiya vs motor, rider tepok

NAMATAY ang 26-anyos na rider makaraang nakabanggan ang ambulansiya sa Bacoor City, Cavite Lunes ng B1 L23 P1A Cityhomes, Brgy. Molino 4, Bacoor City. Sa ulat, nagkabanggaan motorsiklong Honda RS at ambulasiya sa inner lane ng Daang Hari Road, Molino 4, Bacoor City dakong alas-2:10 ng madaling araw na patungko sa direksyon ng South bound.

Dahil sa lakas ng impact ay nagtamo ng matinding sugat sa katanwan ang biktima kaya namatay habang ginagamot sa ospital. **GENE ADSUARA**


SM CITY BACOOR CONDUCTS FIRE DRILL WITH BACOOR CITY BFP

SM CITY BACOOR, CAVITE – In partnership with Bacoor City's Beaureau of Fire Protection, SM City Bacoor recently conducted a fire drill to better equip its tenants, employees, and agency personnel on the prevention of fire incidents and the proper conduct shall fire accidentally happen in the mall. Equipped with fire truck and equipments, the Bacoor City BFP carefully inspected the mall's Fire Brigade and Emergency Response Team as they guide 185 participants in evacuating the premise during the drill, ensuring that the assigned personnel are prepared in case of fire emergencies. The tenants also joined the early morning drill to ensure the safety of the shoppers.

Aside from this, SM City Bacoor also conducted the recently concluded National Simultaneous Earthquake Drill where 253 participants including the tenants, employees, agency personnel and security forces joined to ensure that shoppers will be safe in the mall in case an earthquake happen. True to its promise to welcome shoppers with care, SM Supermalls also conduct regular trainings and seminars to strengthen their Business Continuity Management System which aims to keep their employees equipped in case of any emergency.



CELEBRATE WOMEN WITH SM CITY MOLINO'S WOMENPRENEUR FAIR



SM CITY MOLINO, CAVITE – It's time for empowered women to shine! SM City Molino is giving you a lot of reasons to drop by, enjoy, and celebrate women! Catch their Womenpreneur Fair at the Event Center and enjoy exclusive promos and deals from Tala by Kyla. Check out these amazing deals and #FeelAweSM only at SM City Molino.

BE FAB AND COMFY WITH FORME AT SM CITY BACOOR



Wonderful and unique women gathered at SM City Trece Martires to celebrate women's power at SM. We celebrate women's month on the month of March to celebrate women's role in history as stated in Presidential Proclamation No. 227 series of 1998.



SM CITY BACOOR, CAVITE – It's time to #CelebrateWomenPowerAtSM and enjoy great discounts this whole month of March! Visit ForMe at the 2nd Level of SM City Bacoor and score great discount on OOTDs with your bestie for your next get-together or office OOTDs! Hurry and grab the latest and comfiest fashion pieces at ForMe – SM City Bacoor today!

8H NA ATLETA AT 5 BANSA NA KALAHOK SA PH ATHLETICS CHAMPIONSHIPS 2023

Nakatakdang track para sa pagtatanghal ng ICTSI Philippine Athletics Championships mula Marso 21 hanggang 26 sa Ilagan City, Isabela. May 800 atleta, kabilang ang 80 mula sa Malaysia, Vietnam, Thailand, Indonesia, at Brunei, ang sasali sa tournament na mag-aalok ng world ranking points. Maliban kina world No. 3 pole vaulter EJ Obiena at William Morrison III ng shotput, lahat ng medalists ng 2022 Vietnam Southeast Asian (SEA) Games ay nakikapig-aksyon sa event na dating kilala bilang Philippine Open. Mayroon 165 medalya na igagawad sa men's at women's Open Elite, Under-20 at Under-18 categories. Sinabi ni Philippine Racing Commission chair Reli de Leon, na nagsisibiling special assistant ni Philippine Athletics Track and Field Association (PATAFA) president Terry Capistrano, na ang torneo ay isang "magandang preview" ng Cambodia SEA Games sa Mayo, kasama ang partisipasyon ng bansa, potensyal na pambansang pool, kabilang ang 15 Filipino-foreigners. "Pagkatapos ng kaganapan ito, malaman natin kung

saan tayo patungo sa SEA Games," sabi ni De Leon sa Philippine Sportswriters Association (PSA) Forum sa Rizal Memorial Sports Complex sa Maynila. Dumalo rin sa lingguhang sesyon sina PATAFA secretary general Edward Kho at national team head coach Jojo Posadas. "We're ready to go. No stone left unturned. Magandang labang ito (This would be a good fight) and could be a preview of what's in store for the SEA Games," ani Kho.

Ang mga taya ng Team PH ay Filipino-American sprinters Eric Cray (gold, 400-meter hurdles), Kayla Richardson (gold, 100m; bronze, 200m), Kyla Richardson (silver, 200m), Robyn Brown (bronze, 400m hurdles), at homegrown Clinton Kingsley Bautista (gold, 110m hurdles); Hocket delos Santos (silver, pole vault), Janry Ubas (silver, long jump; bronze, decathlon), Ariès Toledo (silver, decathlon), Mark Harry Diones (silver, triple jump), Christine Hallasgo (silver, marathon), Sarah Dequinan (silver, heptathlon), Jelly Dianne Paragile (bronze, 100m hurdles), Joida Gagnao (bronze, 3000m steeplechase), Evelyn

Palabriga (bronze, javelin throw), Alfrence Braza (bronze, 1500m), Melvin Calano (bronze, javelin throw), Sonny Wagdos (5000m); at Edgardo Aljean, Bernaly Bejoy, Joyme Sequita at Jessel Lumapas (bronze, 4x400m mixed relay). Fil-Ams A Sina lyana Nicolas (pole vault) at Umajesty Williams (200m at 400m) ay nakikapagkumpitensya rin kasama ang mga atleta mula sa national training pool,

collegiate leagues at standouts mula sa Palarong Pambarangay at Batang Pinoy. Si Philippine Sports Commission chair Richard Bachmann ang magiging paunahing pandangal habang si long jump queen Elma Muros-Posadas ang magdadala ng sulo sa pagbubukas ng seremonya sa Ilagan City Sports Complex.



PSA FORUM RELI DE LEON

MAGIGING bahagi ng preview ang kaganapan ng PH Athletics Championships para sa nalalipat na Cambodia SEA Games sa Mayo, ayon kay Reli De Leon PATAFA Special Assistance na ilan lamang ito sa naging tampo na usapin sa lingguhang PSA Forum sa PSC conference room. Kasama sa larawan sina PATAFA Secretary General Edward Kho at Jojo Posadas National team coach. (REY G. NILLAMA)

QUEZON HUSKERS BUENA MANO SA MPBL DEBUT

NAKABAWI mula sa malamyang simula ang bagitong Quezon Huskers para maitakas ang makapigil hiniling 82-80 panalo laban sa matikas na Negros Muscovados sa pagbubukas ng 5th Season ng Mahalika Pilipinas Basketball League (MPBL) sa dinumog na Lucena Convention Center sa Lucena City. Hindi magkamayaw ang mga kababayang host team sa bawat pagkakataon na nakakahabol at naididikit ng Huskers ang iskor matapos maibaon sa pinakamalaking kalamangan na 17 puntos sa unang yugto ng laro, ngunit ang ikatlong three-pointer ni Mark Joseph Pangilinan para sa 10-0 run ng Quezon na bumura sa bentahe ng karibal para sa 79-78 bentahe ang halos dumurog sa morale ng karibal tungo sa huling tatlong minuto ng laro.

Nagawang mabawi ng Muscovados ang bentahe sa 80-79 mula sa jumper ni Jason Melano, ngunit nakaganti muli ng sariling opensa si Huskers point guard Tomas Torres bago tuluyang sumilakbo ang pagdiriwang ng Quezonian sa mahigpitang labanan sa huling isang minuto ng laro matapos mailagay ni Simone Sandagon ang iskor sa 82-80 mula sa split free throw sa foul ni Edrian Lao.

Nakakuha pa ng pagkakataon ang Negros na maitablas ang iskor o maagaw ang kalamangan sa dalawang pagkakataon, ngunit ang pagtatangka sa third point area ni Lao ay napigilan ni Sandagon bago ang kontroversyal na tawag ng referee sa 'out of bound' na inilagay sa 'coaches challenge' na hindi naman naging matagumpay sa Negros may 1.2 segundo ang nalalabi.

"We're so happy, very happy and proud. Kahit kulang kami ng ensayo, wala pa yung familiarity sa isat isa, they show the character of not giving up and give the best for the team and for the supporters," pahayag ni Huskers head coach Eric Gonzales.

"Dami nilang jitters sa simula dahil puro bago. I continued to encourage them just play the right game. Take the challenge and responsibility. Yun untuti nagtulungan naman sila. Hopefully, makita natin ang same intensity in our coming games not just here but on the

road," aniya.

Sama-samang naggidiwang sa center court matapos ang final buzzer ang mga players, coaching staff, mga tagahanga, team owners na sina Quezon 4th District Congressman Kit Micah Tan at San Andres Mayor Ralph Edward Lim, team manager Atty. Donn Kapunan, mga local na opisyal sa pangunguna ni Quezon Gov. Helen Tan, na umukit ng kasaysayan sa nakalipas na halalan bilang kauna-unahan na naging Gobernador sa kasaysayan ng Lalawigan.

"Masaya tayo, masaya ang ating mga kababayang dahil first time natin sa MPBL at nanalo tayo, despite the fact na kulang sila sa preparasyon at ensayo dahil kailan lang talaga nabuo ang team. Thank You Lord. Talagang ang husay ng ating team pati si Mayor Alcalá ay nagbibigay ng saya sa ating mga kababayang Panawagan ko lang sa ating mga kababayang na narinirahan na sa ibang lugar na suportahan ang ating Quezon Huskers once na maglaro ang team sa lugar ninyo," sambit ni Tan patungkol kay Lucena City Mayor Alcalá sa malaki ang naibahagi sa panalo ng koponan.

Ang ikalawang three-pointer ni Alcalá ang tuluyang nagpangingsa sa maalab na ratsada ng Huskers sa third period kung saan nakuhang ng Quezon ang kauna-unahan tikim sa bentahe 49-46 may 3:45 sa laro. Muling nakontrol ng Negros ang momentum, subali matikas na nagagawa ng sere ng scoring run ang host team kabilang ang 7-0 run tampok ang lay-up ng 27-anyos na Alkalde may 3:53 sa huling yugto ng laro.

"Nagpapasalamat ako kay Senator Pacquiao dahil naaisman tayo sa liga na talagang kailangan namin para lalo pang maipakilala ang Lalawigan sa bawat sulok ng Pilipinas. Napakaraming mapupuntahan dito sa amin, kaya hinihiyayat namin kayong magtungo sa Quezon," aniya.

Pinangunahan ni Tan, kasama si MPBL founder Senator Manny Pacquiao, Commissioner Kenneth Duremedes ang iba pang opisyal ng lokal na pamahalaan ang ceremonial jump ball matapos ang palabas sa opening ceremony kung saan itinampok ang mga naggagandahang



PINAS SAMBO AT UST NAG UWI NG GINTONG MEDALYA MULA SA 15TH ANNIVERSARY NG JAGSPORTS INVITATIONAL TOURNAMENT

Pitong medalya kabilang ang tatlong ginto ang naiwi ng Pilipinas Sambo at University of Santo Tomas team na mas kinatumpakan ng double-gold performance ni national team member Aislinn Yap sa katatapos lang na 2023 National Open and Team Trials kaantabang ang 15th Anniversary ng Jagsports Invitational Tournament nitong Marso 11-12 sa Heartbeat at Bedok sa Singapore.

Binokya ng 24-anyos na Graduate School student-athlete mula UST si Jezamine Chua ng Meerkats Wrestling Club sa Finals ng Sports Sambo women's under-80kgs category sa iskor na 8-0, habang muli silang naggatapat sa women's wrestling under-76kgs sa bisa naman ng 3-0 panalo. Nagbulsa naman ng tansong medalya si 85th UAAP season judo championships silver medalists Casey Gwyn Tolosa sa sports sambo under-80kgs division.

"Satisfying siya kasi first international competition ko siya and it's an honor to represent the Philippines sa field ng Sambo. Masaya rin ako na despite having little background lang sa wrestling and facing a difficult opponent, nanalo pa rin ako and nakapagdala ng medal for Philippines," pahayag ni Yap na naghahanda rin sa mga darating na international tournament tulad ng Asian Indoor Martial Arts Games sa darating na Nobyembre sa Bangkok, Thailand.

Gintong medalya rin ang kinubra ni first-timer at UAAP champion Aurnaegel Princess Cortez ng Sambo national team ng talunin si dating 2019 Southeast Asian Games sport sambo bronze medalist Sarah Yong ng Jagsport Singapore sa pamamagitan ng 8-0 sa Finals, gayundin si Jane Lee na tinapos lamang nito sa 30 segundos sa 8-0 dominasyon.

Kinilos naman sa championship round ang tatlito pang pambato ng bansa kabilang si national team member Jedd Andre Kim ng masilat sa huling segundo ng laro laban sa pambato ng Singapore na si Joshua Mercadal sa

mga muses at ang mini konsierto nina Marlito Pomoy at Master Rapper Andrew E.

Ang Quezon Huskers at Negros Muscovados ang dalawang pinakabagong koponan sa liga na kinabibilangan din ng defending national champion Nueva Ecija, Bataan, Bulacan, Caloocan, Makati, Manila, Marikina, Pampanga, Paranaque, Pasay, Pasig City, Quezon City, Rizal, San Juan, and Valenzuela sa Northern Division. Sa Southern Division ay Bacolod, Bacoor, Batangas, Bicol, Cebu, GenSan, Iloilo, Imus, Laguna, Mindoro, Muntinlupa, Negros, Quezon, Sarangani at 2023 MPBL preseason champion Zamboanga.

GINAWAD ni PLDT High Speed Hitters spiker Dell Palomata ang kanyang pag atake sa bola si Madeleine Yreneal Madayag ng Choco Mucho Flying Titans. Kung saan ay nagwagi ang Hitters sa 4 sets kontra Titans 21 - 25, 25 - 23, 25 - 23, 25 - 16. (REY G. NILLAMA)



SMB VS NLEX San Miguel Beer import Cameron Clark sa harap ng depensa ni Paul Samerad ng NLEX Road Warriors sa kasagasan ng kanilang laro sa 2022 - 23 PBA Governor's Cup sa PhilSports Arena, Pasig City. Panalo ang Beermen sa Road Warriors 120 - 106. (REY NILLAMA)



Quezon Governor Doktor Helen Tan na ngagaawag ng bola Masayang nagpaawag ng bola si Quezon Governor Doktor Helen Tan habang nasa half time ang laro ng koponan Quezon Huskers at Negros Muscovados sa katatapos na 5th Season ng Mahalika Pilipinas Basketball League (MPBL) na ginanap sa Lucena Convention Center sa Lucena City. (REY G. NILLAMA)



HINDI na kakailanganin pang umasa sa foreign-breed swimmers ang bansa kung matuturing at mabibigyan ng sapat at tamang kaalaman ang mga lokal coaches na siyang tunay na sandata para makapagsanay nang mas maraming magagaling na 'homegrown' athletes na mailalaban sa international competition sa hinaharap upang makamit ang tagumpay.

Ayon kay swimming coach at dating National player Marites Espinosa-Escobar ang maibahagi ang kanyang karanasan bilang atleta at kaalaman bilang coach sa iba't ibang swimming club sa Amerika ang nagtulak sa kanyang magbalik-bayan matapos ang 30 taong panirahan sa abroad para maiusulong ang 'Trained-the-coach' program.

